ANG WIKANG PILIPINO SA PANGGAGAMOT

Ni DR. JOSE SYTAMCO REYES

(Panayam na binasa sa isang buwanang pulong ng TANIW)

Mahal na Pangulo at mga Kataniw:

Bago ako mag-ukol ng tuwirang pagtalakay sa aking paksa, na siya ko sanang dapat tunguhin agad dahil sa kakauntian ng sandaling itinutulot sa akin ng palatuntunan, ay inaakala kong kailangan munang tayo'y maglinaw ng ating katatayuan. Bayaan ninyong aking ipakibalaki ang ganang tulong ko sa pag-aalis ng ating mga agam-agam at pagtatanglaw sa landas na ating kinaroroonan na siya nating tinatalunton at tatahuntunin sa paglalakbay na ginagawa at gagawin sa larangan ng sariling wika.

Dapat nating itakdang maliwanag sang-ayon sa batas kung hanggang saan maaaring gamitin ang wikang tagalog sa ginagawang mga pagsasalin sa wikang sarili ng mga iba't ibang sangay ng karunungan at kaalaman. Dahil sa marami ang tumututol sa paggamit ng mga salitang tagalog na lantay (purismo) at ang mga purista kungkuno ay hindi nangararapat magpatuloy sa ganitong uri o paraan ng pagsasalin, hanggang sa umabot sa isang maliwanag na pagbabala kung di man pahiwatig na maaaring magkaroon tuloy ng malaking kaligaligan at pagdanak ng dugo dahil lamang sa iginigiit nating pagsasaling makadalisay, ang palathala ni G. Geruncio Lacuesta sa *The Examiner* noong ika-7 ng Marsong kalilipas ay isang mariing pakli at balaksila sa ating mga paninindigan at babala rin ng malaking pag-iingat, ibayong pagmamalasakit at agimat na dapat nating taglayin sa bawa't hakbang.

Sa huling labas ng *Katas* ay natunghayan ko sa pambungad na mukha ang sulat ng Patnugot ng mga Paaralang Pribado o Pansarili kay G. Lacuesta at dito'y ipinababatid na hindi pa iniuutos ng nauna ang pagbabawal sa babasahing naturan sa mga paaralang kanyang nasasakupan.

Dahil sa mga tuwas na pangyayaring ito ay kailangan nang magtopa ang isa't isang panig at susugin nating daanan ang mga tuntunin ng batas.

Ang tanong ko ay ito: Hanggang saan nga kaya maaaring gamitin ang wikang tagalog sa pagbubuo at pagpapayaman o paglilinang ng wikang pilipino? Ang paggamit nga kaya ng panay na tagalog bago, higit at sa ibabaw ng lahat na iba pang wika at wikain ay naaalinsunod sa batas? Ang hinakdal nga kaya ni G. Lacuesta ay di-lamang tumpik na paratang kundi upasalang wikang hubad sa katotohanan?

Ipaubaya ninyong ako na rin ang sumagot sa ganitong mga katanungan.

Gaya ng alam natin, maliwanag ang sinasabi na walang taning sa bilang o dami ng salitang tagalog na maaaring gamitin sa wikang pambansa. Sa itinatakda ng batas na siyang saligan ng Wikang Pilipino ang Wikang Tagalog, ang katuturan ay sa wikang ito, sa Tagalog, na di-bawas, walang kulang, walang-sala kahit upiksa o sanzala kundi buong-buo ititindig ang Wikang Pambansa. Kahulugan nga, ang pagyamit ng Wikang Tagalog ay isasagad, sasayurí't hahalinduwangin ang kaniyang kalaliman, palilitawin ang kaniyang yaman at ganda, tingkad at dikit sa ikapagigindapat hangaan, pagpugayan at ipagmalaki ng lahing Pilipino sa ibang bansang malaya at maunlad upang maging kaalang-alang at kapuri-puri, gaya ng sinabi ni Rizal na:

Ang Wikang Tagalog tulad din sa Latin
Sa Ingles, Kastila at Salitang Anghel
Sapagka't ang POONG maalam tumingin
Ang Siyang naybigay, naggawad sa atin.

Ang pisang Wikang Tagalog, aking inuulit, ay may karapatan, may laya at may higit na kabagayang maghandog ng lahat niyang kayamanan sa pagbubuo ng Wikang Pilipino. Kung kaya tinatawag na batayan, ay siyang kakatawan sa pinakamahalaga, pinakapangunahin at pinakamasaganang sangkap ng isang kabuuan, tulad ng kung ang isang gusali ay tinatawag nating kongkreto, sa paningin ay halos pansay na semento ang ating natatanaw na kayarian, halos lahat ay nasesementuhan. Sa ganyan ang Tagalog ay siyang pinaka-semento ng gusali ng wika, siyang pinaka-kaluluwa ng Wikang Pilipino o ng Pilipino nga. Sa ibang pangungusap, hindi maaaring ituring na saligan ang isang wikang kinulangan, binawasan, kinaltasan, niyantas, nilutlot, niiungyat, alangan at walang katindigan o representasyon, sa halip ay kinomang, pinungusan, dinungisan at binabakbakan pa.

May isang bagay na tila hindi napag-ukulan ng pansing gamiting pambalitaktak sa tuligsa laban sa wikang Tagalog. Ito'y ang katotohanang hindi maaaring maging taganas o pulos na Wikang Tagalog ang Wikang Pambansa, gustuhin man nating maging purista ay hindi nga maaari, sa dahilang hindi sapat ang wika nating ito upang matumbasan ang lahat ng salita, lubha pa ang nangauukol sa iba't ibang agham, sining at dunong. Ito rin ang sanhi na ating ipinagdaramdam anakin sa pagtutol at panininsay na ginagawa sa wikang Tagalog, hindi na sapat ay binabawasa't inaalisan pa, tinututulan at ibig pagbawalang maghandog ng kailangang tulong na napapaloob sa kaniyang iwing karapatan.

Nguni't bagaman hindi kaya ng wikang Tagalog na sarilinin ang lahat ng pagsasalin, siya pa ring daan ng matwid na ang tulong at kapupunang iaabuloy ng mga ibang wika at wikain ay nagmumula doon sa talagang nasaid na't naibigay ng Tagalog ang lahat, nabuyak o nasimot na, ang wika ng matandang kasabihan.

Gaya ng aking sinabi sa aking tugon kay G. Lacuesta sa *Examiner* na isinubo ko roong matagal na, matapos kong maipagparangalan sa ating kasamang mananangggol at kalihim Ponciano Pineda upang hindi ako lumakbang o malabag sa batas kung sakali, gayari ang wika ko:

"Now, as I have said, I must admit that the Tagalog Language is not enough for the gigantic task of national language planning and building. And that is why, our legislators were wise enough to make it the basis of the same, for indeed, as the language grows and reaches its full maturity in development we shall see that the other dialects and other useful and necessary foreign languages will be seen in considerable participation. Then everything contained and provided for in the law shall have been fulfilled or carried into effect."

Higit pa sa rito, nagkakamaling tanto mandin si G. Lacuesta at ang sinumang nag-aakala na ang *purism* o purismo o kadalisayan ay labag at wala sa batas. Ito ay tumbalik, dahil sa nasasaad sa Pangkat ika-8 ng Batas 184 na aking sisipiin: "Special attention shall be given to the *purification* and enrichment of the national language..." "Bibigyan ng tangi o pambihirang pansin o kahalagahan ang pagdalisay at pagpapayaman sa wikang pambansa...."

Anupa at maliwanag na hindi dapat gawing masyadong masalak, halu-halo at samut-samot ang wikang pilipino, pagka't kaduluhan niyan ay magiging moog o tore ni Babel ang kalagayan sa wika na lalong hindi ipagkakamayaw, bagkus higit pa ngang pagkakadaulatan.

Tungkol naman sa puna ukol sa bahagi ng batas na ganito ang itinatadhana:

"Whenever it shall be indispensable to form new words, these shall be taken principally from the classical languages, such as Greek and Latin, especially for scientific, literary and technical uses. Foreign words thus newly formed shall be assimilated to the Philippine phonetics and orthography: Provided, however, that the current spelling of family names of foreign origin and form used by Filipinos shall be preserved in order not to render the identification of persons difficult."

Kalalabisan na lamang tagalugin pa natin ito, bukod pa sa ang totoo iyang tungkol sa balarila at talatinigan na siyang tinutukoy ng mga kalaban ay natapos nang mapagpasiyahan at mapagtibay sa pamamagitan ng susog na batas Blg. 333 na nagbibigay ng kapangyarihan sa Surian, na Pangulo lamang ng Pilipinas ang maaaring sumumang, gayundin sa pamamagitan ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 263 na nagpapaturo na ng balarila at talatinigang laging inuungkit gayong napagpasiyahan na nga. Ang tungkol sa Griyego at Latin na siyang pagkukunan, ay maliwanag na siyang mga salitang Ingles at Kastila na pang-agham, pantalisikan at pansining na karamiha'y pinaghango sa mga Latin at Griyego at hindi naman natin tinututulang gamitin kung wala tayong makitang katapat sa Tagalog. Ang hinggil naman

sa *spelling* (pagbaybay o palabaybayan), ito'y natutungod lamang sa mga pangalan ng tao at hindi sa balanang salita o katawagan, at sa bagay na ito, hindi naman lahat kundi yaong kalakaran o kaugaliang ayos ng pagsulat ang susundin alinsunod sa tunay na pangalang banyaga ng tao.

Dadako na ako sa sadyang tikha nitong aking panayam. Kung aking isipin, ang katulad ko baga'y isang kahoy na dinugtungan ng patubo at namunga ng dalawang uri ng bungangkahoy. Maliwanag na kung kaya ibinigay sa akin ang paksa ko ngayon ay dahil sa sinulat kong Diksiyonaryo sa Medisinang salin mula sa Ingles, isang aklat na may dalawang katangiang nilalaman, ang nauukol sa wika at ang nahihinggil sa panggagamot, na parang kambal na bunga ng maliit kong kasaysayan, mga lunak na bungang nagmula sa katutubong hilig na inagapayanan ng mapagpalang kamay ng katalagahan, dahil sa mga pagkakataong daig ang pinagtiyap at talagang inihanda para sa akin buhat sa pasimula. Sapul ng ako'y tumuntong ng Maynila noong ako'y bata pa ay kinasihan na ako ng mapamiyayang tadhana ng mga kakailanganin ko pagsapit ng araw sa malayo pang hinaharap; pagka't inakay ako ng kapalarang mapaturuan kay Don Pedro Serrano Laktaw, na siya kong kinapulutan ng malaking hilig sa pananagalog. Nang ako'y makatapos sa Ateneo, nagkapalad pang makabili ng kahuli-hulihang sipi ng *Vocabulario Tagalo-Hispano* ng mga Paring Noceda at Sanlucar, isang bibihirang aklat (*rare book*) ayon sa ating AKLATANG PAMBANSA.

Ang sinulat kong Talahuluganan sa Panggagamot ay dala ko rito upang kung inyong makita ay mahalagahan o matimbang kahit pahapaw, alipala ay inyong matataya ang kung sa sasabihin ko lamang ay hindi maaaring humigit sa inyong pagkakita at pagkasaksi sa ngayon. Ang aklat na ito ay noon pang ika-25 ng Pebrero, 1964 bilang sumilang sa pagkapalathala sa Varsitas ng pabalita sa pagpapalimbag ko noon; magandang banggitin na kasabay noon napalathala rin ang balita tungkol sa balagtasan ng mabunyi nating kasama Emilio Mar. S. Antonio at ng makatang Nemesio Caravana, na pinagtagumpayan ng una, kung kaya't siyang naging Hari ng balagtasang kinikilala sa kasalukuyan at ipinagmamalaki ng TANIW. Hawak ko rito ang lalag o pinilas na dahon sa Varsitas na kinaroroonan ng mga balita.

Hindi ako marahil nagyayabang na sabihing ang aklat na ito'y hinamo ng isang tunay at pangatawanang pananaliksik, pagtalingting at pagsusungkad ng mga salita, na nagpapatunay kahit pakumbaba ng kaariang gamitin na natin ang sariling wika sa larangang ito ng karunungan.

Sa dahilang sa tao ang pinakamahalaga ay buhay, ang panggagamot ay tumpak na siyang dapat unahin at manguna bilang pinakamahalagang karunungan sa balat ng lupa; ang Medisina (Panggagamot o Panggagamutan) ay siyang karunungan sa katawan, isip at diwa ng tao, sa ka-

luaugan, sa pagkilala at paglulunas ng mga karamdaman, pagharang at pagpupukas laban sa mga sakit, at pagpapalawig sa gayong paraan ng pagpapahaba ng ating buhay.

Sa pagsasalin ang ginamit kong pamamaraan ay buhayin ang matatandang salita na lubhang masagana, bukod sa nasa-Pakahuluganan ng mga Paring Noceda at Sanlucar, sa *Diccionario Tagalog-Hispano* ng naging guro kong Gat Pedro Serrano Laktaw, at sa mga pinulot kong mga likas na pananalita ng iba't ibang lalawigang tagalog, tulad ng Nueva Ecija, Tayabas, Batangas, Mindoro at Rizal na aking pinaglagian, lalo na ang una at ang huli na siyang lalawigan ng nagtatag ng TANIW, saka nariyan ang lalawigan ni Balagtas, ang Bulakan na siyang Hardin ng Wika, ng lalong matimyas at matamis na pananagalog.

Bukod sa mga iyan ay lumikha rin ako ng mga salitang panumbas sa mga ingles at kastila na pangmanggagamot at gaya ng aking binigyang-diin sa Pangkalahatang Tuntunin ng Talanuluganan, ang mga dating salitang ingles at kastila ay inilakip ko rin sa pamimilian ng tanang mga mambabasa. Gumamit rin ako ng ilang katawagang bisaya, ilokano at panggasinan at mangisa-ngisang kapampanga't bikol. Sinikapin ko ring makakuha sa mga salitang moro at kamindanawan (danga't wala akong makitang talanuluganan sa mga ito na gaya rin ng sa bikol), lahat ng mga iba pang kapatid na wikaing maaaring pagkunan at di-dapat waling-saysay ng mga pilipino.

Naito ang ilang halimbawa: tibukan (*artery*), anuran (*vein*), uklit (*biopsy*), angay, alangay, pag-angay o pag-aalangay (*pasteurization*), kadlit o tandok (*blood-letting*), gatid (*cartilage*), batis, pamamatis, sakit-batis, bukal, pamumukal, sakit-bukal (*diabetes*), lalaugan (*esopnagus*), olbit o ulbit (*case for instruments*), tigmata, (*sore eyes*), pammataw (*flocculation*), pukas o tunggas (*immune*), gilophi o gilobhi, gilophian o gilobhian (*metabolism*), panniiya (*nutrition*), kabiya, kulumot (*congestion*), ipaip, pag-ipaip (*condensation*), pira (*day-dream*), balaso (*ectopic pregnancy*), satab, tapal, takip, balot, talob, atb. (*dressing*), atak (*sunburn*), asog (*sterilization*), asog (*sterile*), umasog (*to sterilize*), banbaki (*pericardium*), kuluong (*peritoneum*), abungal (*sacrum*), pangingingking (*scrofula*), pangita (*lens*), latil o gatil (*nerve*), kalamak, pilawi o pilaway (*resin, pitch, tar*), saning o saning, patda (*resin*), tulok, luga (*otorrhea*), kaimotan o kaymotan (*cerebellum*), tambikbik (*big mamma or mammae*), at napakaraming iba pa. Ang mga nakaraan ay ilang halimbawa nga lamang ng matatandang salita. Walang sapat na puwang dito para sa lahat.

Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa mga salitang likha: pulit (maliit na pinamumulihan) (*cell*); balhuka, unambituka o punumbituka (*duodenum*); saliitmin (*microscope*) (sipliit, pulot sa iba); paningilapit (*myopia*); paningilayo (*hyperopia*); punungguluged (*oblongata*); ampasgatilan (*retina*); labtik, pitlag, tugunggatil, tugumpukaw (*reflex*); ibabantokong o duluntokong (*pylorus*); kulaninlawit (*pituitary*); lamad-

tinaw o bambatinaw (*serosa*); logyuan (*hypnotism*); kabituzon (*anatomosis*); kaipayan (ipaay, *to make*, Ilocano), kamatangan (Visaya), *Anatomy* (kayarian, kabalangkasan, kabadbaran, kahiwagan, kahiwasurian, kahiwaan, atb.); kahimuan, aghimuan (Visaya), katungkulan, atb., gawain, kakimutan, palakimutan (*physiology*); kabigisan (Pang.), kaagnitan (Ilocano), kalityupan, kabinhian o palabinhian (sakit), biagsitan, kulapyawan, sipliliitan (*microbiology or bacteriology*); badbad, pagbadbad, pagbabadbad o palabadharan, hiwag, paghiwag, paghihiwag, hiwasuri, paghiwasuri o paghihiwasuri, atb. (*dissection*); sanhiansakit, kasanhiansakit, mulaan, pamuhatan, kadahilanan, pinanggagalingan, kabakitan o kabinhiansakit, atb. (*etiolgy*); lithayop, kagiti, lityup, lit-awoy, litaway, kulapyaw, agsit, bassit, bigis (*bacteria, germ, microbe, microorganism*), binhi, siplilit o sipliliit, atb.; *arrhythmia or arhythmia* (garulgol); palaypay-butas, barambalik-balik (*valve*), atb.; kaimutan o kaimotan, utak-kaimotan, abay-utak, atb. (*cerebellum*), atb.

Mga Kataniw:

Sa dinamirami ng mga katawagang pangmanggagamot ay wala ritong sapat na pitak tungkol sa maraming iba pang kahit na pangkaralanan lamang; di-malayong takasan tayo ng ulirat kapag tinangka nating aruking bigla ang kalaliman ng karunungang ito. Sa buong limbag lamang ng aking Talasalinang malaon ko nang binabalak ipagawa mababasa ang lahat ng maraming iba pa.

Samantala, bagaman di-dapat, kung mamarapatin ay nais kong ipagpauna sakali't loloobin nga lamang ng MAYKAPAL na mayroon pa akong ibang layon sa pagkasulat ng aklat na naturan. Ang tunay na lundo ng aking pithaya ay makapagtatag ng isang dalubhasaang pangmanggagamot sa wika natin, o magamit natin ang Wikang Pilipino sa sangay na ito ng karunungan. Nguni't wala yata sa guhit ng aking palad ang katuparan ng marubdob na isip at kaugaliang maka-banyaga, sampu ng napakaraming nasa-pamahalaang nagkukunwaring matangkakal datapuwat lihim na mga kalaban ng wika, sanhi ng ating mga panlulupaypay kung minsan, sa kabila ng balang-ibang mga pangyayaring sinasapit sa buhay.

Iisa na ang tulos na aking kinakapitan at iya'y ang pananalig sa tapat na adhika gaya rin ng inyong tinataglay na ikinabubuhay ng ating mga loob at pag-asa, kaya't darating din ang araw na kahit isa o ilan sa atin kundi sama-sama ay makakasaksing nakatirik ang bandila ng wikang ating pinaglulunggatian.

Namumughaw at namumuo na rin sa aking mga balintataw maykalayuan pa man ang pagsikat ng maliwanag na kinabukasan na magiging bakas ng kasaysayang buhay ng katuparan at pananagumpay ng Wikang Pilipino at ng Panggagamutan sa ating bansa.